Pangalan: ____________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Ang Talumpati**

**I. PANUTO:** Mula sa talumpating nakalahad sa ibaba, isulat ang iyong pananaw sa paksa o mensaheng nangingibabaw rito. Magtala ng lima. Isulat ang iyong sagot sa inilaang patlang.

**Rizalismo ang Tugon ng Bagong Milenyo**
ni Grace Sioson

**Simula**

Nitong mga nakaraang taon, madalas nating marinig ang salitang millennium. Pinag-uusapan, pinaghahandaan, at pinakaaabangan ito ng lahat ng tao sa mundo. Pero ano nga ba iyong new millennium o bagong milenyo na nakapukaw sa interes ng sambayanang sansinukuban?

**Gitna**

Millennium o milenyo ang tawag sa panahong binubuo ng isang libong taon. Marami ang nagdedebate kung kailan talaga mag-uumpisa ang bagong napakinggan gaya ng magugunaw na raw ang mundo. Batay na rin sa mga iba't ibang eskatolohiya o doktrina ng mga Kristiyano, malulupig daw ang lahat ng kasamaan, at lahat ng kasantuhan at sagrado ang maiiwan sa mundo sa panahon ng ikatlong milenyo o sa pagdating muli ni Kristo. Marami ang nagsasaya at marami rin ang nangangamba sa pagdating ng bagong milenyo. At ano naman kaya ang naghihintay sa sambayanang sansinukuban, at lalo na sa sambayanang Pilipino? Nakahanda na ba tayong harapin ang mga hamon ng bagong milenyo?

**Wakas**

Sa pagwawakas, nais kong mag-iwan ng munting butil para sa kaisipan. Ang kasaysayang lumipas ay hindi nauulit nang mag-isa, ang mga tao ang nag-uulit nito.

Halaw sa: de Lara-Tulaylay, M., Pambid-Pagoso, N., at Viray-Bucu, A. 2009. Masining na Komposisyon III. Manila: Rex Book Store, Inc.

1. ____________________________________________________________________________
2. ____________________________________________________________________________
3. ____________________________________________________________________________
4. ____________________________________________________________________________
5. ____________________________________________________________________________

**II. PANUTO:** Pumili ng isang paksa sa mga nakatala sa ibaba. Sumulat ng sariling talumpati batay sa paksang napili. Isaalang-alang ang mga paraan ng pagsulat ng talumpati na iyong nabatid sa ating pagtalakay. Isulat ang iyong talumpati sa hiwalay at malinis na papel. (10 puntos)

**Narito ang mga pagpipilian:**

1. Pagsulat ng talumpati tungkol sa kahalagahan ng kalayaan
2. Pagsulat ng talumpati tungkol sa papel ng panitikan sa pagtatamo ng kapayapaan
3. Pagsulat ng talumpati tungkol sa isang organisasyong nagsusulong ng kapayapaan

Gamiting gabay sa pagsulat ang talahanayan sa ibaba.

| | |
|---|---|
| ★ ★ ★ ★ ★ | Mahusay na nakapaglahad ng pananaw o paninindigan sa talumpati. Naipaliwanag nang mahusay ang mensahe ng talumpati. |
| ★ ★ ★ | Nakapaglahad ng pananaw o paninindigan sa talumpati. Naipaliwanag ang mensahe ng talumpati. |
| ★ ★ | May kakulangan sa paglalahad ng pananaw o paninindigan sa talumpati. May kakulangan din sa pagpapaliwanag ng mensahe. |